5

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 6

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Grade 5**
**Paglaganap at Katuruan ng Islam sa Pilipinas at ang Sultanato**
**Kuwarter 2: Aralin 6 Linggo 6**
**TP 2023-2023**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang pagpapatupad o implementasyon ng MATATAG K-10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Mark Ian C. Tagami, MAEd

**Tagasuri:** Marivic M. Pimentel, Ph.D.

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN KUWARTER 2 ARALIN 6 LINGGO 6 / BAITANG 5**

| *I.* **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| *A.* **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng gawaing nagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nasusuri ang mga katuruan ng Islam at pamahalaang sultanato<br>1. Nasusuri ang pagsisimula at paglaganap ng Islam sa Pilipinas<br>2. Natatalakay ang Sultanato sa bansa<br>3. Natataya ang mga gawain ng sultanato sa mga Muslim at Islam<br>4. Nakabubuo ng saloobin patungkol sa pagtataguyod ng mga ambag at kultura ng Islam sa Pilipinas |
| **C. Nilalaman** | Paglaganap at Katuruan ng Islam sa Pilipinas at ang Sultanato<br>1. Kasaysayan ng Pagsisimula at Paglaganap ng Islam sa Pilipinas<br>2. Kahulugan at mga gawain ng Sultanato<br>3. Mga ambag at kultura ng Islam sa Pilipinas |
| **D. Integrasyon** | SDG 4: Quality Education<br>Cultural Literacy<br>Cultural Diversity<br>Lokalisasyon<br>Kontekstwalisasyon |

| **II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto** | Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br><br>DepEd (2020). Aral Pan5 - q1 - Mod7 - Ang - Paglaganap - NG - Relihiyong - Islam - Sa - Pilipinas - v3. Scribd (Wes Account). https://www.scribd.com/document/472224116/aral-pan5-q1-mod7-ang-paglaganap-ng-relihiyong-islam-sa-pilipinas-v3.<br><br>Cajipe, A. (2023). Q1 Week 7 Paglaganap at Katuruan NG Islam Sa Pilipinas. Scribd. https://www.scribd.com/presentation/619372350/Q1-Week-7-Paglaganap-at-Katuruan-Ng-Islam-Sa-Pilipinas-Autosaved<br><br>Fablorina, A. (2014). Paglaganap ng Relihiyong Islam. Slideshare. https://www.slideshare.net/armidafablorina/paglaganap-ng-relihiyong-islam.<br><br>Padel, J. (2023). Paglaganap NG Relihiyong Islam Sa Iba't Ibang Bahagi NG Pilipinas. Scribd. https://www.scribd.com/presentation/637256172/Paglaganap-Ng-Relihiyong-Islam-Sa-Iba-t-Ibang-Bahagi-Ng-Pilipinas.<br><br>Villanueva, Voltaire M. 2018. #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.<br><br>Picazzo, E. (2021). AP5 Q1 W7 PaglaganapNgRelihiyongIslam. Scribd. https://www.scribd.com/document/498250684/AP5-Q1-W7-PaglaganapNgRelihiyongIslam. |
|---|---|

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**<br><br>***(Mind & Mood)*** | **Gawain 1: ISIPIN-IUGNAY-IBAHAGI (#Mga Tatlong "I" na Dapat Pinapatnubay):**<br>***Unang Araw***<br>Pagkatapos tukuyin ang mga ideya sa naunang gawain, ang mga mag-aaral, sa pamamagitan ng dalawahan o tatluhan, ay dapat na bigyang-diin ang pagbibigay ng kahulugan o ugnayan ang awitin sa mga iba't ibang larawan. Kinakailangan ring ibahagi ng mag-aaral ang kanyang opinyong tungkol dito. | Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang |

| MGA LARAWAN | ISIPIN-IUGNAY-IBAHAGI |
|---|---|
|  Kinuha mula sa: https://www.esquiremag.ph/politics/opinion/filipino-muslim-a2238-20181204 | ________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________ |
|  Kinuha mula sa: https://www.arabnews.com/node/1321211/world | ________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________ |

makamit ng mga mag-aaral.

Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng mga mag-aaral ang gawain.

Ang gawaing ito ay inaasahang magagawa sa loob ng tatlo o apat na araw. Ang pagsagot sa kada patlang ay inaasahang gagawin sa pag-uumpisa ng araw na pagtalakay ng aralin. Sa bahagi ring ito, ang guro ay may Kalayaan ibahin o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral (Kontekstwalisasyon).

| | |
|---|---|
|  Kinuha mula sa: https://www.cnbctv18.com/travel/culture/fasting-during-ramadan-understanding-the-spiritual-and-health-benefits-of-the-holy-practice-16164821.htm | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |

**Gawain 2: K-W-H-L CHART (#iKuwento, Wariin, Hanapin, Lagumin):**

Hinihingi ng makikitang tsart sa ibaba ang iyong inisyal at pinal na pag-unawa patungkol sa aralin. Punan ang hinihinging impormasyon.

| Ano-ano ang nalalaman ko? **K** | Ano-ano ang gusto ko pang malaman? **W** | Paano ko pa ito matututunan? **H** | Ano-ano ang natutuhan ko? **L** |
|---|---|---|---|
| ____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________ |

<table>
<tr><td></td><td><table><tr><td>______________<br>______________</td><td>______________<br>______________</td><td>______________<br>______________</td><td>______________<br>______________</td></tr></table></td><td></td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin<br><br>(Aims)</td><td>Gawin ang sumusunod na gawain sa interaktibong pamamaraan:<br><br>Mula sa nakaraang mga gawain, tatanungin ang mga mag-aaral ng mga iba’t ibang pamprosesong tanong:<br><br>1. Ano ang kasalukuyang kalagayan ng Islam at mga Muslim sa bansa?<br>2. Ano ang mga nakaaapekto sa mga mamamayan sa pagpapahalaga o pagrespeto nila sa Islam at mga Muslim?<br>3. Ano kaya ang mga maaaring aksyon o mga programa para mas mapaunlad pa ang kultura ng mga Islam?<br><br>Gawain 3: #BAKITLIST (Itanong Mo, Sasagutin Natin):<br><br>Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang pupunan ng mga impormasyon ang ating #BakitList. Ang guro ay hahayaan ang mga mag-aaral na makapaglista ng kanilang katanungang gustong masagot. Para mas magabayan ang mga mag-aaral, maaaring gawing gabay ang katanungang ito sa pagtala sa ating #BakitList ng kanilang tugon.<br><br>Halimbawa: Ano ang kailangang malaman para mapausbong pa ang pagpapahalaga ng Islam at Muslim sa Pilipinas?</td><td>Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang katanungan sa paglalahad ng aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay mas magiging maganda at maayos para sa pag-unawa ng mga mag-aaral.<br><br>Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang katanungan sa paglalahad ng aralin.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| |  | |
| **C. *Paglinang at Pagpapalalim* *(Task and Thought)*** | **KONSEPTO 1: KASAYSAYAN NG PAGSISIMULA AT PAGLAGANAP NG ISLAM SA PILIPINAS**<br><br>Ang pagsisimula at paglaganap ng Islam sa Pilipinas.<br>Allah – tawag sa sa Diyos ng mga Muslim<br>Muslim - mapayapang nilalang at tawag sa tagasunod<br>Mosque - simbahan ng mga Muslim<br>Koran – banal na aklat ng Muslim<br>Mecca – pinakabanal na lugar na matatagpuan sa Arabia<br><br>Ang Limang Haligi ng Islam | Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin. |

SHAHADA

- “walang ibang Diyos kundi si Allah" at propetana na si Mohammad

SALAT

- panalangin ng mga Muslim 5 beses sa isang araw

ZAKAT

- pagbibigay ng limos

SAUM


- pag- aayuno sa buwan ng Ramadan

HAJJ

- paglalakbay patungong MECCA

Nais kong bigyan pansin kung paano itinuturo ang relihiyong Islam sa bansa.

Ang salitang Islam ay nagmula sa Arabe na ang ibig sabihin ay pagsunod o pagyuko.Itinatag ito ni Propeta Muhammad. Si San Gabriel ay nagpakita kay Propeta Muhammad upang ipangaral ang Islam. Ang Islam ay nagsimula noong ika-pitong siglo sa tangway ng Arabia. Lumaganap ang relihiyong Islam sa Indonesia, Pilipinas, Africa, India at Spain.




Mahalaga sa mga Muslim ang Ramadan.Ito ay tinawag na pag-aayuno. Ang Ramadan ay isang kaganapang pang-relihiyon ng mga Muslim na nagaganap tuwing ika-siyam na buwan sa kalendaryong Islam, kung saan naihayag ang Qur'an. Ito ang panahon ng pag-aayuno na iniiwasan ang pagkain at pag-inom ng tubig mula pagsikat ng araw hanggang paglubog ng araw. Nagtatapos ang Ramadan sa Eidl-Fitr o Hari Raya Puasa. Ang pag-aayuno ay ginagawa para maturuan ang isang tao na magsakripisyo, magpakakumbaba, at maging mapaghintay.

**Gawain 4: UGNAY-UNAWA.** Ano ang nalalaman mo sa mga salita na nasa unang kolum? Isulat ang hinihinging impormasyon sa ikalawang kolum.

| Unang Kolum | Ikalawang Kolum |
|---|---|
| **1. Propetang Mohammad** | |
| **2. Lugar na lumaganap ang Islam** | |
| **3. Mecca** | |
| **4. Islam** | |

Sa gawaing ito, ang guro ay maaaring ipagawa sa mga mag-aaral ng dalawahan.

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.

| | | |
|---|---|---|
| | **5. Ramadan** | |

*Ikalawang Araw*

**KONSEPTO 2: KAHULUGAN AT MGA GAWAIN NG SULTANATO**

***ANG SULTANATO***

***Islam*** **-** nangangahulugang "pagsuko sa Allah"

- *pagsunod at pagtalima sa kagustuhan ng nag-iisa at tunay na Diyos na si Allah.*

***Muslim*** **–** *ang tagasunod o mga tao sa mga kagustuhan ng nag-iisa at tunay na Diyos na si Allah.*

***Sultanato*** **–** *ang tawag sa pamahalaang itinatag ng mga Muslim.*

**Katangiang Taglay ng Isang Sultan:**

- **bangsawan –** dugo ng pagkamaharlika
- **ilmawan –** kaalaman sa Sharia'h, adat, wikang Arabe
- **altawan –** taglay na yaman
- **rupawan –** malakas na pangangatawan

**Raha Muda o batang raha –** ang magiging sultan.

- tanging lalaki lamang ang itatalagang sultan.
- pinakamatandang babaeng kaanak ang pansamantalang tagapamahala kung namatay ang sultan at wala pang napipiling kapalit.

**Pamamahala sa Sultanato**

***Sultan*** – ang nagsisilbing pinuno ng sultanato.

- tagapagpatupad ng batas.
- siya ang namumuno sa labanan at may tungkuling pangalagaan ang kaniyang nasasakupan.

| MIYEMBRO | TUNGKULIN |
|---|---|
| **Raja Muda** | Naitalagang susunod na sultan |
| **Maharaja Adinda** | Kasunod ng Raja Muda na hahalili sa pagkasultan |

Sa gawaing ito, ang guro ay maaring ipagawa sa mg mag-aaral ng dalawahan o tatluhan.

Ang gawaing ito ay inaasahang magagawa sa loob ng tatlo o apat na araw. Ang pagsagot sa kada patlang ay inaasahang gagawin sa pag-uumpisa ng araw na pagtalakay ng aralin. Sa bahagi ring ito, ang guro

| | |
|---|---|
| **Wajir** | Pinuno ng Ruma Bichara |
| **Muluk Kahal** | Punong Pandigma |
| **Raja Laut** | Pinuno ng puwersang pandagat |
| **Mahajara** | Tagakolekta ng buwis sa kalakal at pantalan |

***Tarsila –*** batas sa pinagmulan ng lahing muslim.

- ang batayan ng sultan sa kaniyang pamamahala.

***Ruma Bichara –*** katulong ng sultan sa konseho.

- binububuo ng mayayaman at mga makapangyarihang datu.
- Sila ang tagpayo ng sultan a paggawa ng batas, pagpaplano, at pagpasiya sa mga usaping pananalapi.
-

**Gawain 5; HANAP-USAP-KALAP (#Itala at Makibahagi):** Ang mga mag-aaral ay isasagawa ang pagsusuri sa mga tanong na sumasalamin sa isinagawa nilang naunang gawain. Hahanap sila ng kapareha at kanilang pag-uusapan o sasagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Paano naisasakatuparan ang mga gawain ng sultanato?
2. Ano ang mga tungkuling ginagampanan ng mga bahagi ng sultanato?
3. Sa tingin mo, ano ang naiiba sa sultanato kumpara sa iba pang klase ng pamahalaan?

| **TUGON MO** | **TUGON NIYA** |
|---|---|
| 1. ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ | 1. ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |

ay may kalayaan ibahin o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral (Kontekstuwalisasyon).

Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng mga mag-aaral ang gawain.

| 2. | 2. |
| --- | --- |
| ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| 3.<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | 3.<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |


**Gawain 6: TUKLAS-LUTAS (#Isipin at Sagutin Natin):** Kompletuhin ang *concept map* upang matalakay ang kahulugan at kahalagahan tungkol sa sultanato.

**Kahulugan ng Sulatanato**

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Kahalagahan ng Sultanato sa mga Muslim**

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.



***Ikatlong Araw***

***KONSEPTO 3: AMBAG NG MGA MUSLIM SA KAUNLARAN NG PILIPINAS***

Ang mga Muslim sa Pilipinas ay may malaking ambag sa kasaysayan, kultura, at ekonomiya ng bansa. Sa pamamagitan ng kanilang mga tradisyon, paniniwala, at galing, nagbibigay sila ng mga positibong impluwensya sa lipunan at pag-unlad ng bansa.

Isa sa mga pinakamalaking ambag ng mga Muslim ay ang kanilang kultura at tradisyon. Ang Mindanao, na may malaking bahagdan ng populasyon ng mga Muslim, ay tahanan ng iba't ibang kulturang Muslim tulad ng Maranao, Maguindanaoan, at Tausug. Ang kanilang mga sining ay nagbibigay-buhay sa kasaysayan at kulay ng Pilipinas.

Sa aspeto ng ekonomiya, maraming Muslim ang aktibong bahagi ng industriya tulad ng agrikultura at pangangalakal. Ang mga Muslim na magsasaka sa Mindanao ay nagbibigay ng malaking bahagi ng suplay ng bigas at iba pang agrikultural na produkto ng bansa. Bukod dito, marami rin sa kanila ang nagtatrabaho sa iba't ibang sektor tulad ng konstruksyon, serbisyo, at kalakalan.

Hindi rin maitatanggi ang ambag ng mga Muslim sa edukasyon at pamahalaan ng Pilipinas. Marami sa kanila ang mga propesyunal tulad ng doktor, inhinyero, guro, at abogado. Mayroon din silang mga lider sa pamahalaan, kasama ang mga senador, kongresista, at lokal na opisyal na nagsusulong ng kapayapaan, kaunlaran, at pagkakapantay-pantay.

Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang katanungan sa paglalahad ng aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay angkop at maayos para sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| | Mahalaga ang papel ng mga Muslim sa pagpapalakas ng pagkakaisa at pag-unlad ng Pilipinas. Ang kanilang mga ambag sa kultura, ekonomiya, edukasyon, at pamahalaan ay nagpapatibay ng bansa bilang isang masiglang at mayaman na komunidad ng mga Pilipino.<br><br>**KULTURA**<br><br>Ang kulturang Muslim ay may malalim na kasaysayan at magandang tradisyon. Ito ay bunga ng impluwensya ng kanilang paniniwala, aral at mga dagdag na gawi galing sa kanilang mga ninuno at propeta. Ang tradisyong ito ay nagbubunga ng malasakit sa kapwa, pag-asa, pagkakaisa, at pagpapahalaga sa pamilya.<br><br>Ang mga Muslim ay naniniwala sa isang mapanuring Diyos na tinatawag na Allah. Naniniwala sila sa kakayahan nito na mapigilan at mapangalagaan ang buong kalupaan. Ang kanilang posisyon tungkol sa mga lalaki at babae ay may kinalaman sa kanilang pagpapahalaga sa moral at pananampalataya. Ang pagiging matapat sa kanilang asawang babae o lalaki, pagsasama ng pagkakaisa ng pamilya, at pagpapahalaga sa kanilang moralidad ay isa sa mga prayoridad ng kanilang kultura.<br><br>Ang kulturang Muslim ay may kinalaman sa kanilang mga tradisyunal na pananamit. Ang pagsusuot ng hijab para sa mga babae at traditional na pangangaral para sa kanilang mga lalaki ay isa sa mga malalim na paniniwala at kultura ng mga Muslim. Ang pagsunod sa mga kautusan ng Allah at pagpapakita ng kanilang paniniwala ay mahalaga para sa kanila upang mapangalagaan ang kanilang kulturang nabuo sa matagal na panahon. Sa kasalukuyan, may mga pangyayari na humahamon sa kanilang kulturang Muslim; ang pagbabago ng teknolohiya at globalization. Ngunit, mahalaga pa rin ang pagpapahalaga sa kanilang kulturang nabuo mula sa kanilang mga ninuno at propeta upang mapanatili ang kanilang kasaysayan at tradisyong may kahulugan.<br><br>**Gawain 7: ISIPIN-IUGNAY-IBAHAGI:** Bilang ikaw ay isang mag-aaral ng Araling Panlipunan at tagapagtaguyod ng kultura at pagkakaisa, magtala ng ilan sa mga mahahalagang maaari mong gawin bilang isang mag-aaral para mas mapahalagahan pa ang kontribusyon ng Muslim at Islam sa kultura ng bansa<br><br>Ang aking magagawa bilang isang mag-aaral ng Araling Panlipunan para mas mapahalagahan pa ang kontribusyon ng Muslim at Islam sa bansa ay… | Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral. |

| Aking Magagawa | Maaaring Epekto nito sa mga Tao |
| --- | --- |
| 1.______________________________ | 1.______________________________ |
| 2. | 2.______________________________ |
| 3. | 3.______________________________ |


**Gawain 8:ANONG MAP-AMBAG MO?**

**Panuto:** Sa bahaging ito, ang mag-aaral ay gagawa ng isang *concept map* patungko sa naging ambag ng mga Muslim sa kaunlaran ng Pilipinas.



<table>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat<br>(Abstractions)</td>
<td>Gawain 9: 3-2-1 (Numero ng Karunungan)<br><br>Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang itatala ang mga impormasyon o detalyeng kanilang nakalap o naunawaan sa aralin. Gawing gabay ang makikitang tsart.
<table>
<tr><th>3 bagay na natutunan sa aralin</th><th>2 ideyang nalinawan ka mula sa dati mong nalaman dito</th><th>1 bagay na naranasan mo na may kaugnayan sa aralin</th></tr>
<tr><td>1.<br>____________________<br>____________________<br>2.<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>2.<br>____________________<br>____________________<br>3.</td><td>1.<br>____________________<br>____________________<br>2.<br>____________________<br>____________________</td><td>1.<br>____________________<br>____________________</td></tr>
</table>
</td>
<td>Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga clues para mas madaling iproseso ng mga mag-aaral ang gawain.<br><br>Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayun sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral.<br><br>Ang guro ay may kalayaan rin na pumili mula sa mga sumusunod na gawain ang kaniyang maaaring ipagawa sa klase batay sa kung paano at araw/oras na nakamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kanilang dapat taglayin sa aralin.</td>
</tr>
</table>


**HILING-DINGGIN (#WallWisher):** Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang itatala ang kanilang mga kahilingan sa mga lider o namumuno para mas mapaunlad at mapaganda pa ang pagtanggap at pagpapahalaga sa kulturang Muslim at Islam sa ating bansa. Gamit ang mga *sticky notes*, kanilang ilalahad at ipapaskil sa #*WallWisher* ang mga ito




*Ito ay isang halimbawa*

**EXIT TICKET**

Ang mga mag-aaral ay sasagutin ang "exit ticket form" bilang tanda ng pagtatapos ng kanilang pag-aaral ng aralin.

| | | |
|---|---|---|
| | ***Ang aking natutunan mula sa aralin ay……***<br> | |
| **E. Pagtataya**<br>***(Tools for Assessment)*** | **Ikaapat na Araw**<br>**Gawain 9: TAYAHIN ANG NILALAMAN**<br>***Gawain A***<br>**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang salitang TAMA kung wasto ang pangungusap at MALI kung hindi.<br><br>_____ 1. Dala ng mga mangangalakal na Espanyol ang relihiyong Islam kaya ito nakarating sa Pilipinas.<br><br>_____ 2. Si Sharif Kabungsuwan ang nagtatag ng pamahalaang sultanato sa Sulu.<br><br>_____ 3. Ang relihiyong Islam ay isang mahalagang impluwensiyang ambag sa kultura ng mga Pilipino.<br><br>_____ 4. Nang dumating ang mga Espanyol, nagtungo ang mga katutubong Muslim sa katimugang bahagi ng Pilipinas upang mapanatili ang kanilang pagsasarili.<br><br>_____ 5. Unang lumaganap ang relihiyong Islam sa Luzon.<br><br>**Gawain B**<br><br>**Panuto:** Lagyan ng tsek (/) kung ang ipinapahayag ng pangungusap ay tama at ekis (x) kung mali. Isulat ang iyong sagot sa isang sagutang papel. | TAMANG SAGOT:<br><br>GAWAIN A<br>1. MALI<br>2. TAMA<br>3. TAMA<br>4. TAMA<br>5. MALI<br>GAWAIN B<br>6. /<br>7. /<br>8. /<br>9. X<br>10. / |

| | | |
|---|---|---|
| | _______6. Ang relihiyong Islam ay dala ng mga mangangalakal na Arabong Muslim.<br><br>_______7. Si Tuan Masha'ika ang itinuturing na kauna-unahang nagpakilala ng Relihiyong Islam sa Pilipinas.<br><br>_______8. Unang lumaganap ang relihiyong Islam sa Mindanao.<br><br>_______9. Si Rajah Baginda ay hindi nagtagumpay sa paghikayat ng ilang katutubo sa Sulu na lumipat sa Relihiyong Islam.<br><br>_______10. Mula sa Mindanao ay mabilis na lumaganap ang Relihiyong Islam sa Luzon at Visayas.<br><br>**Gawain C**<br><br>**Panuto:** Pumili ng salita sa loob ng kahon para mabuo ang bawat pahayag.<br><br>**Mindanao** / **mangangalakal** / **Sulu**<br>**Tuan Masha'ika** / **Paramisuli** / **Pilipino**<br>**Ruma Bichara** / **Allah** / **Muslim**<br>**Sultan** / **Digmaang Moro**<br><br>1. Ang mga ______________ay mayroon nang sistema ng pananampalataya noon bago paman dumating ang mga Muuslim<br><br>2. Ang Relihiyong Islam ay dala ng mga ________________ na Arabong Muslim.<br><br>3. Mula sa ________ sa Mindanao, ang Relihiyong Islam ay mabilis na lumaganap sa Visayas at Luzon. | TAMANG SAGOT<br>1. PILIPINO<br>2. MANGANGALAKAL<br>3. SULU<br>4.MINDANO |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
4. Islam ang pangunahing paniniwala sa lugar ng ______________.<br><br>
5. Itinuturing si ______________ ang kauna-unahang nagpakilala ng Islam sa Pilipinas.<br><br>
6. Ang ______________ ay tagapayo ng sultan a paggawa ng batas, pagpaplano, at pagpapasya sa mga usaping pananalapi.<br><br>
7. ________________ ay siyang namumuno sa labanan at may tungkuling pangalagaan ang kaniyang nasasakupan.<br><br>
8. Sa kasagsagan ng ___________________ laban sa pananakop ng mga Espanyol noong ikalabimpitong siglo, si Sultan Kudarat, pinuno ng Maguindanao ay nakipaglaban para sa kalayaan.<br><br>
9. Ang pagsunod sa mga kautusan ng _____________ at pagpapakita ng kanilang paniniwala ay mahalaga para sa kanila upang mapangalagaan ang kanilang kulturang nabuo sa matagal na panahon.<br><br>
10. Ang mga ____________ sa Pilipinas ay may malaking ambag sa kasaysayan, kultura, at ekonomiya ng bansa. Sa pamamagitan ng kanilang mga tradisyon, paniniwala, at galing, nagbibigay sila ng mga positibong impluwensya sa lipunan at pag-unlad ng bansa.<br><br>
KUNWA-KUNWARIAN: Ang mga mag-aaral ay kanilang titingnan kung papaano tumugon sa hamon ng mabuting pamumuno.<br>
Kung bibigyan ka ng pagkakataong makasalamuha o makapunta sa isang Muslim at Islam na paniniwala, ano ang mga nanaisin mong gawin o itaguyod?<br><br>
Ang mga mag-aaral ay kanilang ilalahad ang kasagutan sa kahon. Pagkatapos, kanila ring ihahayag ito sa buong klase. Magiging gabay rin ang rubric para sa gawain.<br><br>
______________________________________________________________<br>

</td>
<td>
5. TUAN MASHA'IKA<br>
6. RUMA BICHARA<br>
7. SULTAN<br>
8. DIGMAANG MORO<br>
9. ALLAH<br>
10. MUSLIM<br><br>
Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral.<br><br>
Ang guro ay may kalayaan rin na pumili mula sa mga sumusunod na gawain ang kaniyang maaaring
</td>
</tr>
</table>

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

| Mga Pamantayan | Napakahusay (3) | Mahusay (2) | Kailangan pang Magsanay (1) |
|---|---|---|---|
| Pagpili ng paksa | Nakapili ng isang sangay na nais pamunuan | Nakapili ng matagal ng isang sangay na nais pa | Nahihirapang pumili ng isang sangay na nais pamunuan |
| Pagmumungkahi ng maaaring gawin | Nakapagbigay nang hindi bababa sa apat na bagay na maaaring gawain bilang isang mabuting pinuno | Nakapagbigay nang dalawa hanggang tatlo na bagay na maaaring gawain bilang isang mabuting pinuno | Nakapagbigay nang isang bagay na maaaring gawain bilang isang mabuting pinuno |
| Mensahe o konteksto ng pagtugon sa pangangailangan | Makatotohanang isinulat at talagang nakatutulong sa pagtugong ng pangangailangan ng bansa | Bahagyang makatotohanang isinulat ang nakatutulong na pagtugon ng pangangailangan ng bansa | Hindi makatotohanang isinulat ang nakatutulong na pagtugon ng pangangailangan ng bansa |
| Pagsasalaysay | Maayos at maganda ang pagkakabitaw | Bahagyang maayos at | Hindi maayos at maganda ang |

ipagawa sa klase batay sa kung paano at araw/oras na nakamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kanilang dapat taglayin sa aralin.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | ng mga salaysay at mga hakbang o gawaing ninanais na ipatupad bilang isang lider | maganda ang pagkakabitaw ng mga salaysay at mga hakbang o gawaing ninanais na ipatupad bilang isang lider | pagkakabitaw ng mga salaysay at mga hakbang o gawaing ninanais na ipatupad bilang isang lider | |

| ***F.* Pagbuo ng Anotasyon**<br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong pamamaraan** | **Problemang naranasan at iba pang usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |

**G. Pagninilay**


Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.

**GABAY NA TANONG SA PAGNINILAY (Para sa mga mag-aaral)**

| | |
|---|---|
| **Ano ang aking naranasan?** | |
| **Ano ang aking naramdaman?** | |
| **Ano ang aking gagawin?** | |

**Para Sa Guro**

**PASKILATIS (Face and Book Your Self for a Self Exploration Trip)**



| | | ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makikita sa<br>____________________________________<br>____________________________________ | | |
|---|---|---|---|---|



| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** **MARK IAN C. TAGAMI** | ***Sinuri ni:*** **MARIVIC M. PIMENTEL, Ph.D.** |
| ***Institusyon:*** **MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** | ***Institusyon:*** **PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY, MANILA** |